



Pananatiling Ligtas

Ang paunawa na ito ay bilang tugon sa kamakailang karahasan at mga banta ng karahasan sa mga migranteng grupo mula sa mga racist na indibidwal at grupo na kilala bilang “Far Right”

May karapatan kang makaramdam na ligtas ka sa iyong lokal na komunidad.
May karapatan ka rin na isagawa ang iyong pang-araw-araw na gawain.
Narito ang ilang bagay na maaari mong gawin upang manatiling ligtas



- **Magtanong sa mga pinagkakatiwalaang tao tungkol sa anumang kamakailang mga panganib.** Maaaring kabilang dito kung mayroong anumang lokal na pag-atake o pagbabanta sa iyong lugar. Makakatulong ito sa iyo na gumawa ng mabubuting desisyon tungkol sa kung aling mga lugar ang ligtas at alin ang iiwasan sa ilang partikular na oras.
- **Maglakbay kasama ang isang tao kung maaari**
- **Panatiliing naka-charge ang iyong telepono at magdala ng charger**
- **Magkaroon ng mga mahahalagang numero na naka save sa iyong telepono**
- **Ipaalam sa mga tao kung saan ka pupunta at kung anong oras ang inaasahan mong babalik**
- **Tayahin kung ligtas na magkita sa isang malaking grupo.** Ang malalaking grupo sa mga pampublikong espasyo ay maaaring nasa mas mataas na panganib.
- **Manatiling konektado sa iyong komunidad** para sa suporta at impormasyon
- **Sa isang emergency, kung ikaw o isang taong malapit ay nahaharap o pinagbantaan ng karahasan, tumawag sa [999](tel:999)**
- **Maaari ka ring mag-ulat ng krimen** ng poot sa pamamagitan ng pagtawag sa 101 o para sa mga anti-Muslim na krimen ng poot, tumawag sa Tell Mama sa 0800 456 1226

